

TEKNOLOHIYA SA EDUKASYON-SANDATA SA PAGKATUTO

by:

Maureen T. Adan

Teacher I, St. Francis National High School

Dumating ang di-inaasahan - ang biglaang pagsasara ng lahat ng paaralan sa buong mundo dulot ng pandemya taong 2020. Simula Marso 20,2020 magpahanggang ngayon ang “no face to face classes” sa ating bansa ay nagaganap pa rin dahil sa banta ng pagkalat ng Covid-19 virus at iba pang variants. Nakakalungkot na ang epekto nito sa lahat ay napakalaki lalo at ang mga magulang na nagpapaaral ay tinitingnan ang edukasyon ang tanging magandang pamana na maaari nilang ibigay at iwanan sa kanilang mga anak na nag-aaral.

Totoong nahirapan ang mga namumuno sa ibat ibang ahensiya ng ating gobyerno na umisip ng mga paraan kung paano maipagpapatuloy ang edukasyon ng ating mga kabataang mag-aaral lalo na sa mga publikong paaralan subalit salamat at mayroon na tayong naipakilala ilang panahon na ang nagdaan na DCP o DepED Computerization Program unti-unti sa mga paaralan. Ito pala iyon- gamit na gamit na sa panahong ito ng pandemya.

Nauso na ngayong panahon ng pandemya sa atin ang online classes gamit ang ibat ibang gadgets tulad ng tablets,laptop, personal cellphone,desktop computer at iba pa. Naging palasak na ang paggamit ng asynchronous mode of learning na kung saan ang paglikha ng virtual classroom ng mga guro ay naging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay ,ang pagtuturo sa kani-kanilang mga estudyante. Ang pagkakaroon ng virtual classrooms ang naging daan upang ang palitan ng mga opinyon at mga ideya ng mga mag-aaral at ng mga guro ay magpatuloy. Ito ang naging tulay ng karunungan, ang

teknolohiya sa edukasyon upang mapunan ang kawalan ng personal na interaksyon ng bawat isa sa paaralan.

Sa pag-usad ng panahon marami pa ring hamon ang kakaharapin ang sektor ng edukasyon hanggat ang pandemya ay hindi natatapos subalit hindi pwedeng isakripisyo ang magandang kinabukasan ng kabataan na siyang pag-asa ng bayan. Malaki ang naitulong at magagawa ng makabagong teknolohiya sa edukasyon para patuloy ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa ibat ibang antas .

Sa panahon ng pandemya ang edukasyon ng mga kabataang Pilipino ay magiging mabunga pa rin sa tulong ng teknolohiya na may suporta ng mga gurong matitiyagang nagtuturo, mga namumuno sa paaralan na patuloy humahanap at umiisip ng mga paraan kung paano pa mas mapapaganda ang kurikulum ng instruksyon sa mga paaralan, mga magulang na patuloy pa ring nagpapagal sa paghahanap buhay upang masuportahan ang lahat ng mga pangangailangan ng kanilang mga anak sa pag-aaral at mga naglilingkod sa pamahalaan na nakikipag-ugnayan sa mga ahensiya at mga taong may mabubuting kalooban na handang magkaloob ng mga karagdagang kagamitan sa pag-aaral na ginagamitan ng makabagong teknolohiya.

Matapos man ang pandemya sa pagdating ng tamang panahon, ang teknolohiya sa edukasyon ay magpapatuloy pa rin sapagkat ito ang naging daan ng pakikipagtalastasan na gamit ang ibat ibang gadgets na naging bahagi na ng pang-araw araw na pamumuhay ng mga kabataang Pilipino. Ang teknolohiya sa edukasyon ay tunay ngang sandata ng pagkatuto. Nakatulong ito nang malaki upang ang kamangmangan ng mga mag-aaral ay hindi umiral sa panahon ng pandemya.

Karunungan ,katatagan at mga karanasan na tinamasa sa pagkatuto mula sa teknolohiya ng edukasyon ay matibay na sandata ng gagamitin ng mga kabataang Pilipino sa patuloy na pakikibaka sa iba' t ibang hamon ng buhay.

References:

Edukasyon sa Gitna ng Pandemya, Salamat sa Modernong Teknolohiya

<https://socialmedia675085498.wordpress.com/2020/12/02>

Keizel Phil C. Perez

Teknolohiya sa Gitna ng Pandemya

<https://sdo-meycauayan.com/2020/08/27/teknolohiyasagitnangpandemya>

Dennis Bergonia